Novel Coronavirus (2019-nCoV)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles
Patnubay para sa mga Pasilidad ng Tipon-Tipon na Paninirahan

Hinihiling ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Pampublikong Kalusugan) ng County ng Los Angeles ang iyong tulong upang maghanda at tumulong maiwasan ang pagkalat ng novel (bago) coronavirus sa County ng Los Angeles. Sa buong mundo, patuloy na dumarami ang mga taong nahawaan ng virus na ito na nagiging sanhi ng "coronavirus disease 2019" (pinaikli sa COVID-19) sa kalakhang Tsina at sa ibang lugar. Ayon sa mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit at ng World Health Organization, ang kasalukuyang mga pangyayari sa buong mundo ay nagpapahiwatig na ang virus ay maaaring kumalat sa buong mundo nagsasanhi ng isang pandaigdigang epidemya. Kailangan nating maghanda upang maiwasan ang lokal na pagkalat ng impeksyong ito.

Habang ang agarang panganib sa kalusugan ng COVID-19 sa pangkalahatang publiko sa Los Angeles ay itinuturing pa ring mababa, ang Pampublikong Kalusugan ay aktibong gumagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyong ito. Mariin naming inirerekumenda na suriin at i-update ng lahat ng mga organisasyon ang kanilang mga pang-emerhensya na plano at isaalang-alang ang mga paraan upang magpatuloy ang mga mahahalagang serbisyo kung ang mga on-site na operasyon ay kailangan na pansamantalang mabawasan. Kami ay partikular na nag-aalala tungkol sa kung paano ang isang kaso ng COVID-19 sa isang tipon-tipon na setting tulad ng sa iyo ay maaaring humantong sa mabilis na pagkalat ng sakit. Nais naming magbigay sa iyo ng ilang pangkalahatang impormasyon tungkol sa COVID-19 pati na rin ang mga partikular na aksyon na dapat mong gawin upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng mga impeksyon sa palahingahan, kasama na ang COVID-19 sa iyong lugar.

Hinihikayat ka namin na bisitahin ang webpage ng DPH Novel Coronavirus para sa mga mapagkukunan kabilang ang Gabay para sa Negosyo at Mga Taga-empleyo, Mga Madalas Itanong na mga Tanong at mga infographics: http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/.

Pangkalahatang Impormasyon

Ano ang novel coronavirus?

Ang mga coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus. Marami sa mga ito ay humahawa sa mga hayop, ngunit ang ilang mga coronavirus na mula sa mga hayop ay maaaring mag-evolve (magbago) at hawaan ang mga tao, pagkatapos ay kumalat mula sa tao-sa-tao. Ito ang nangyari sa kasalukuyang novel coronavirus. Ang mga sakit na mula sa mga coronavirus sa mga tao ay karaniwang nagsasanhi ng mahina hanggang sa di-gaanong kalubha na karamdaman, tulad ng karaniwang sipon. Ang ilan, tulad ng mga virus ng SARS o MERS, ay nagdudulot ng malubhang mga impeksyon tulad ng pulmonya.

Ano ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19?

Ang impormasyon sa ngayon ay nagpapakita na ang bagong virus na ito ay nagsasanhi ng mga sintomas na katugma sa isang karamdaman sa palahingahan, tulad ng ubo, lagnat, at, sa iba, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga.

Paano kumakalat ang mga coronavirus?

Tulad ng iba pang mga sakit sa palahingahan, tulad ng trangkaso, ang mga pantao na coronavirus ay kadalasang kumakalat sa ibang tao mula sa isang nahawaang taong may mga sintomas sa pamamagitan ng:

- Mga patak na nalikha kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumahin.
- Malapit na personal na pakikisalamuha, tulad ng pag-aalaga sa isang nahawaang tao.
- Paghawak sa isang bagay o bahagi na mayroong virus, pagkatapos ay hahawakan ang iyong bibig, ilong, o mga mata bago nahugasan ang iyong mga kamay.

Novel Coronavirus (2019-nCoV)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles
Patnubay para sa mga Pasilidad ng Tipon-Tipon na Paninirahan

Ang COVID-19 ay bago, at patuloy kami na natututo nang higit pa sa araw-araw tungkol sa kung gaano ito kadali kumalat at kung gaano ito katagal bago magkasakit ang mga tao. Habang nagbabago ang impormasyon, ipapaalam namin sa iyo.

Huwag ipagpalagay na ang isang tao ay nasa panganib para sa novel coronavirus na impeksyon batay sa kanilang lahi / etnisidad o sa bansang pinagmulan.

Mga Pasilidad ng Tipon-Tipon na Paninirahan

Anong mga hakbang sa pag-iwas ang dapat gawin sa antas ng organisasyon upang mabawasan ang pagkalat ng mga virus sa palahingahan, tulad ng virus na nagdudulot ng COVID-19?

- Ituro at bigyang-diin ang kahalagahan ng pang-araw-araw na personal na mga aksyon sa pag-iwas (tingnan sa ibaba).
- Hikayatin at suportahan ang iyong mga kawani, at mga nagboluntaryo na manatili sa bahay kapag sila ay may sakit. Paalalahanan silang manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho hanggang sa mawala ang kanilang lagnat ng hindi bababa sa 24 na oras na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.
- Magbigay ng sapat na mga kagamitan para sa mabuting kalinisan, kabilang ang madaling pag-akses sa malinis at gumagana na mga istasyon ng mapaghuhugasan ng kamay, sabon, mga tuwalya na papel, at nakabatay sa alkohol na sanitiser sa kamay.
- Bawasan, kung maaari, ang malapit na pakikisalamuha at pagbabahagi ng mga bagay kabilang ang mga baso, pagkain, at inumin. .
- Regular na linisin at disimpektahin ang lahat ng madalas na hawakan na mga ibabaw at mga bagay, tulad ng hawakan ng pinto, mga hawakan sa hagdanan, mga patungan, mga hawakan ng gripo, at mga telepono. Gamitin ang karaniwang mga panlinis na sangkap at sundin ang mga nakatatak na direksyon.
- Bigyan ang mga miyembro ng pasilidad ng tipon-tipon na paninirahan ng tumpak na impormasyon tungkol sa novel coronavirus at mga hakbang na maaari nilang gawin upang maprotektahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya.

Kasama sa pang-araw-araw na personal na mga aksyon sa pag-iwas ay:

- Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit. Manatili sa bahay nang hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos na mawala ang iyong lagnat o mga sintomas ng isang lagnat na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo. Kung hindi agad makakagamit ng sabon at tubig, gumamit ng isang nakabatay-sa-alkohol na sanitiser ng kamay na hindi bababa sa 60% na alkohol.
- Takpan ang iyong mga pag-ubo at pagbahin ng isang tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu at linisin kaagad ang iyong mga kamay. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong manggas (hindi ang iyong mga kamay).
- Limitahan ang malapit na pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
- Linisin at disimpektahin ang madalas hawakan na mga bagay at mga ibabaw gamit ang isang regular na pang-spray o pamunas na panlinis ng bahay.

Ano ang dapat ipaghanda ng aming pasilidad kung mayroong pagtaas ng transmisyon sa komunidad ng COVID-19?

Ang pagtaas ng transmisyon sa komunidad ng COVID-19 ay nagpapahiwatig ng lumalaking panganib sa pangkalahatang publiko at ang karagdagang mga pag-iingat ay maaaring kailangang gawin upang malimitahan ang anumang lokal na transmisyon sa komunidad. Ang mga pasilidad ng tipon-tipon na paninirahan ay dapat magkaroon ng isang plano at maging handa na gawin ang karagdagang mga aksyon, kung inirerekumenda ng Pampublikong Kalusugan:

- Magkaroon ng isang plano upang makipag-ugnayan sa iyong kawani, at mga nagboluntaryo . Bisitahin ang aming website, publichealth.lacounty.gov, para sa tumpak at na-update na impormasyon na maaaring magamit para sa iyong mga komunikasyon. Tukuyin at tugunan ang potensiyal na mga hadlang sa wika. kultura, at kapansanan na nauugnay sa pakikipag-ugnayan sa impormasyon ng COVID-19 sa mga manggagawa at sa mga yaong iyong pinaglilingkuran.
- Magplano ng mga pagpapaliban ng manggagawa. Huwag hilingin ang isang sulat ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga empleyado o mga nagboluntaryo na may di-malubhang sakit sa palahingahan upang mapatunayan ang kanilang sakit o upang bumalik sa trabaho. Ang mga tanggapan ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga medikal na pasilidad ay magiging sobrang abala at hindi makakapagbigay ng naturang dokumentasyon sa napapanahong paraan.
- Magplano ng mga paraan upang mapatuloy ang mga mahahalagang serbisyo kung ang mga on-site na operasyon ay pansamantalang mabawasan.
- Suriin ang iyong mga plano sa pagkontrol ng impeksyon para pamamahala sa mga naipapasa sa hangin na mga impeksyon at siguruhin na mabilis mong matutukoy at mahihiwalay ang mga residente sa pasilidad na nagpapakita ng mga palatandaan o mga sintomas ng COVID-19 sa pamamagitan ng regular na pagsusubaybay.
- Kung ang iyon pasilidad ay mga mga miyembro ng kawani na nagbibigay pangangalaga sa mga residente o mga indibiduwal, paalalahanan ang mga kawani na dapat nilang gamitin ang mga Pamantayan sa Pag-iingat para sa anumang interaskyon na nangangailangan ng potensyal na kontak sa mga likido ng katawan at dapat maglagay ng partikular na pagdiin sa kalinisan ng kamay. Kasama sa mga Pamantayan sa Pag-iingat ay:
    - Pagsusuot ng mga guwantes kung inaasahan ang kontak ng kamay sa dugo, mga likido ng katawan, mga patak mula sa palahingahan o potensyal na kontaminadong mga ibabaw.
    - Magsuot ng naitatapon na gown kung ang mga damit ay maaaring matalsikan ng dugo, mga likido ng katawan, mga patak mula sa palahingahan
    - Pagsusuot ng maskara o takip sa mukha kung ang mga patak ng palahingahan ay inaasahan na magkaroon ng kontak sa bibig at ilong.
    - Pagpapalit ng mga guwantes at mga gown pagkatapos ng bawat pagbisita at maghugas ng mga kamay o gumamit ng nakabatay sa alkohol na sanitiser ng kamay agad pagkatapos na maalis ang mga guwantes.
    - Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig kapag ang mga kamay ay malinaw na marumi o contaminado ng mga patak ng palahingahan.
- Kung matukoy ang mga may sakit na residente, tumawag ng medikal na pagkonsulta maliban kung ang pasyente ay malubhang may sakit at maaaring mangailangan ng pagkakaospital.
- Magtalaga ng isang kuwarto para sa mga may sakit kung saan ang mga residente na may sipon o mga sintomas ng trangkaso ay maaaring itira sa isang hiwalay na gusali, kuwarto, o itinalagang lugar. Ang paghihiwalay ng mga higaan sa lugar na ito ay dapat na ilagay ng 6 na talampakan ang layo o ulo-hanggang-daliri sa paa na ang mga higaan ay 3 talampakan ang layo. Ang nalilipat na mga skreen ay maaaring gamitin upang mahikayat ang pagsunod ng mga lugar ng paghihiwalay.

- Isang itinalagang banyo ang dapat na matukoy kung maaari at nakareserba para sa paggamit ng mga may sakit na mga indibidwal lamang.
- Ang Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa iyo kung isa sa iyong mga residente ay itinuturing na isang pinaghihinalaang kaso ng COVID-19 para masiguro ang mga naaangkop na mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon ay ginagawa.

Alamin kung saan makakakuha ng maaasahang impormasyon

Mag-ingat sa mga pandaraya, maling mga balita at mga panloloko na nakapaligid na novel coronavirus. Ang tumpak na impormasyon, kasama ang mga anunsyo ng mga bagong kaso sa County ng LA, ay palaging ibabahagi ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng mga press release, social media, at aming website. Ang website ay may higit pang impormasyon sa COVID-19 kabilang ang mga FAQ, mga infographics at isang gabay para mapagtagumpayan ang pagkabalisa, pati na rin ang mga payo sa paghuhugas ng kamay.

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles (LACDPH, County)
  - http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/
  - Social media: @lapublichealth
- 24/7 na Linya ng Tulong ng Sentro ng Akses ng Kagawaran ng Mental na Kalusugan ng County ng Los Angeles (800) 854-7771.

Ang iba pang maaasahang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa novel coronavirus ay:

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH, Estado)
  - https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/nCOV2019.aspx
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC, Pambansa)
  - http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html
- World Health Organization (WHO, Internasyonal)
  - https://www.who.int/health-topics/coronavirus

Kung mayroon kang mga katanungan at gusto mong makipag-usap sa isang tao, tawagan ang linya ng impormasyon ng County ng Los Angeles sa 2-1-1. at magagamit ito sa 24 oras sa isang araw.